Simple N Informative

SNIPPET

Parent-to-Parent Education Tools

# DT/H

## Mga Sanggunian:

Matuto nang higit pa tungkol sa iba't ibang tungkulin ng Developmental Therapist

Impormasyon sa mga pagpipilian sa komunikasyon

**Ano ang DT/H at bakit mahalaga para sa aking anak at pamilya na makipagtulungan sa isa?**

- Ang DT/H ay nangangahulugang Developmental Therapist – Hearing Specialist. Ang isang DT/H ay may degree sa kolehiyo sa edukasyon para sa mga bingi/mahina ang pandinig (d/hh, akronim nito sa Ingles), may hawak na lisensya ng propesyonal na tagapagturo sa estado ng Illinois, at natugunan ang kahingian upang maging isang kredensyal na Tagapagbigay ng Maagang Interbensyon (EI, akronim nito sa Ingles).
- Ang isang DT/H ay maaaring magbigay ng developmental therapy – mga serbisyo sa pandinig, na kilala rin bilang mga serbisyo sa rehabilitasyon ng pandinig.
- Ang isang DT/H ay iba sa isang Developmental Therapist (DT). Ang DT ay isang espesyalista sa paglaki ng mga bata na may kaalaman tungkol sa kung paano nagkakaroon ang mga bata ng mga kasanayang naaangkop sa edad. Ang isang DT/H ay isa ring espesyalista sa paglaki ng mga bata; gayunman, mayroon din silang espesyal na pagsasanay sa pagkawala ng pandinig at kung paano ito nakakaapekto sa lahat ng bahagi ng paglaki ng isang bata.
- Ang isang DT/H ay may kaalaman tungkol sa iba't ibang paraan ng komunikasyon na ginagamit ng mga bata na d/hh at ng kanilang mga pamilya, at responsable sa pagbibigay ng makatwiran, walang pinapanigan na impormasyon tungkol sa bawat paraan ng komunikasyon. Ang ilang DT/H ay maaaring dalubhasa sa isang paraan ng komunikasyon kaysa sa iba. Ang bawat pamilya ay dapat magkaroon ng DT/H na maaaring sumuporta sa kanila sa paraan ng komunikasyon na kanilang pinili.
- Maaaring mahirapan ang mga batang d/hh na paunlarin ang kanilang mga kasanayan sa pakikinig at wika. Maaaring turuan ng DT/H ang mga pamilya kung paano palalaguin ang mga kasanayang ito sa pamamagitan ng kanilang pang-araw-araw na gawain at gamit ang mga laruan at mapagkukunan na mayroon sila sa bahay.
- Maaaring mahirapan ang mga batang d/hh na paunlarin ang kanilang mga kasanayan sa pakikinig at wika. Maaaring turuan ng DT/H ang mga pamilya kung paano palalaguin ang mga kasanayang ito sa pamamagitan ng kanilang pang-araw-araw na gawain at gamit ang mga laruan at mapagkukunan na mayroon sila sa bahay.
- Ang isang batang na-diagnose na may pagkawala ng pandinig ay eligible para sa isang inisyal na ebalwasyon para sa mga serbisyong may DT/H. Matutukoy ng ebalwasyon kung ang isang bata ay kwalipikado para sa mga serbisyo at kung kailan sila maaaring magsimula.
- Ang isang sanggol na ipinanganak na may pagkawala ng pandinig ay maaaring magsimulang makatanggap ng mga serbisyo mula sa isang DT/H kahit sa murang edad na 2 o 3 buwang gulang. Ang isang DT/H ay maaaring magtrabaho sa iyong anak at iyong pamilya sa pamamagitan ng EI hanggang ang iyong anak ay 3 taong gulang at hindi na eligible sa programa.



ANG PROYEKTONG ITO AY SUPORTADO NG EARLY HEARING DETECTION AND INTERVENTION PROGRAM NG ILLINOIS DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH AT NG PREVENTIVE HEALTH AND HEALTH SERVICES (PHHS) BLOCK GRANT NG CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION, AT ANG MGA NILALAMAN NITO AY RESPONSIBILIDAD LAMANG NG MGA MAY-AKDA AT HINDI SUMASALAMIN SA MGA PANANAW NG PINAGMUMULAN NG PONDO.